**Dr. MA. ALTHEA T. ENRIQUEZ**
matenriquez@up.edu.ph
Unibersidad ng Pilipinas, Diliman

**Prop. CRIZEL SICAT-DE LAZA**
csdelaza@up.edu.ph
Unibersidad ng Pilipinas, Diliman

Ang mga artikulo sa isyung XVIII-2 ng Daluyan ay nagpapakitang buháy at umuunlad ang wikang Filipino sa iba't ibang larangan gaya ng pag-oorganisang pampamayanan, panitikan, agham, kasaysayan, at pagpaplanong pangwika sa sistema ng edukasyon. Habang humihikayat sa mas malalim at malawak pang pananaliksik sa kani-kanilang larangan, nag-aambag ang mga mananaliksik ng mayamang diskurso at pagdalumat sa paksa ng kanilang mga pag-aaral gamit ang wikang Filipino.

Pinatunayan ng pag-aaral nina *Rose Angelie M. Hernandez* at *Jose Monfred C. Sy* na "Bakunang Mula sa Tao, Para sa Tao: Mga Proseso at Bunga ng Pag-oorganisang Pampamayanan sa Bakunahan sa UP Diliman" ang kakayahang mag-organisa ng mga mamamayan sa panahon ng krisis. Sa pamamagitan ng balangkas sa pag-oorganisang pampamayanan ni Angelito Manalili na "mula sa tao, para sa tao," idinokumento at sinuri ng mga mananaliksik ang mga proseso at karanasan sa pagpapagana ng bakunahan sa UP Diliman na pinangunahan ng iba't ibang sektor sa loob ng UP, katuwang ang administrasyon nito. Sa pamamagitan ng mga estratehiyang ginamit ng mga organisador na bahagi ang konsultasyon at palagiang pagtatasa, napatunayang magtatagumpay ang gawain ng pamayanan kung nakalapat ito sa mga realidad at pangangailangan ng mga mamamayan.

Sa "Ang Noumenal at ang Nominal sa Panulaan ni Allan Popa," kinasangkapan ni *Emmanuel Jayson V. Bolata* ang mga katha ng nabanggit na manunulat upang suriin kung ano ang sinasabing noumenal at ang nominal. Hindi lang ito rito nagtatapos kundi umigpaw at naiugnay ni Bolata ang panitik sa kayarian ng wika, espesipiko sa sintaks na siya ring sinasabing naging pangunahing lapit sa pagsusuri. Bagaman sinabing hindi sinadya, itinambis ang noumenal sa kung ano ang penomenal at nasuri kung ano ang nominal sa konsepto ng pagpapangalan. Ang pagpapangalan, di-pagpapangalan, at proseso

ng nominalisasyon ay mga sangkap ng sintaks na sinasabing isang mabungang paraan sa pagbása ng tula na lampas sa kadalasa'y salita at pagpapakahulugan ng mga ito. Ngunit, sinasabing may limitasyon pa rin sa lapit na ito sa pag-unawa sa mga bagay na hindi mauunawaan (ang noumenon) at naipamalas ang ganitong naging kabatiran sa pagsusuri ng panulaan na siyang makapagsasalikop ng agham at panitikan.

Isang masusing pangangalap sa iba't ibang batis ang ginawa ni *Eduard Perez-Bellen* upang mabuo ang "Panimulang Pagkakatalogo ng mga Lokal na Pangalan ng Ibon sa Pilipinas." Bukod sa pagsisinop ng mga katawagan, malaki ang ambag nito sa pagpapatunay ng mayamang tradisyonal na kaalaman ng ating mga pangkat-etniko at hakbang tungo sa isang Pilipinisadong agham konserbasyon. Pinalalim pa ang pagkakatalogo sa pamamagitan ng pagtukoy sa pinagmulan ng mga pangalang ito at tumukoy ng apat na kategorya upang maging sistematisado ang paglilista: paghuhuni, morpolohiya, kilos/ugali, at habitat. Matutunghayan sa pag-aaral na ito ang isang masigasig na pagsisimula at paghahakbang na nilalayong maipagpatuloy at mapagyaman pa sa mga susunod pang pangangalap.

May ibang kuwentong inihahain si *Lorenz Timothy Ranera* sa kaniyang artikulong "Pagbabalik-Tanaw sa Masalimuot na Ugnayang Tsino-Español sa Pilipinas at Pag-iimahen sa mga Tsino noong Dantaon 16-18." Hindi iba at bagkus pamilyar ang tagpuan ng kuwento tungkol sa kasaysayan: ang Pilipinas sa panahon ng pananakop ng mga Español; pero iba ang pangunahing tauhan rito, ang pangkat ng mga Tsino sa panahong ito. Ipinapakita dito ang magkatuwang pero magkatunggali ring pananaw tungo sa mga Tsino ng mga kolonisador na Español at kung paano rin ito nakaimpluwensiya sa pagtingin sa kanila. Naipakikita sa papel na ang ganitong pagbalik-tanaw at pagsusuri sa mga nangyari sa kasaysayan ang maaaring magpasubali sa mga dati at sadyang pinapalutang na pag-iimahen at isang paghámon sa pagtingin sa hindi pagkakapantay-pantay ng mga lahi.

Sa pag-aaral ni *Raffy Aganon* na "Kahandaan ng mga Propesor sa Filipino sa Pagtuturò ng mga Asignatura sa Bágong Kurikulum ng Pangkalahatang Edukasyon: Batayang Pag-aaral Tungo sa Pagpaplanong Pangwika ng mga SUC III," ipinakita ang halaga ng pagtatasa sa kakayahan at kahandaan ng mga guro na mahalagang bahagi ng pagbuo ng polisiyang pangwika sa mga akademikong institusyon. Kasáma ng iba pang komponent na kurikulum, instruksyon, pananaliksik, ekstensyon, produksyon, at ko-kurikular na gawain, nagbigay ng mga pamamaraan si Aganon kung paanong mapananatili at mapauunlad ang wikang Filipino sa akademya.

Napagtuunan ng pansin ng mga mananaliksik ang aspekto ng panitikan, edukasyon, agham, kasaysayan, at lipunan sa pamamagitan ng pagsusuri at pananaliksik gamit ang sariling wika. Patuloy na magbibigay-daan ang mga ito sa mas makabuluhang pag-unawa at pag-angkop ng mga konsepto at kaalaman sa kontekstong maka-Pilipino.